



Kalipunan ng 27 libro sa Biblia ang Bagong Tipan. Sinulat ang mga ito sa sumunod na pitumpung taon pagkabuhay ni Jesus, at nakita ng Iglesya ng mga apostol sa mga ito ang tunay na ekspresyon ng kanilang pananampalataya. Alam natin sa patotoo ng Iglesya sa tulong ng Espiritu na kinasihan ang mga aklat na ito at tunay na salita ng Diyos. Subalit hindi bumagsak mula sa langit ang mga librong ito, kundi utang natin ito sa mga apostol at mga ebanghelista sa mga unang taon ng Iglesya. Hindi nilalayan ng mga ito na sagutin ang lahat nating tanong tungkol sa pananampalataya: kabuuan ito ng mga patotoo tungkol sa malakas na dating sa kanyang mga kapanahon ng natatanging taong itong si Jesucristo.

Pero bakit may *Bagong Tipan* pagkatapos ng *Matandang Tipan*? Simple lang, dahil dalawang bahagi lamang ang mga ito ng iisang kasaysayan, na pinaghihiwalay ng krus ni Jesus.

Sa *Matandang Tipan*, isang bayan ang nabubuo. May direksyon tayong nakikita at nalalaman natin ang mga yugto at mahahalagang tao. Nadidiskubre ng Israel ang mga dakilang pagpapahalaga ng buhay at ng lipunan. Naiintindihan natin kung bakit napakaraming dantaon ang kinailangan nilang daanan bago nila malaman ang nasa kabila pa ng kamatayan. Nauunawaan natin kung bakit hindi panghabampanahon ang kasaganaan ng matandang kaharian ng Israel at kung bakit kailangang mabawi ng bayan ng Diyos sa pananaw at pagsasalob ang nababawas sa kanya sa kapangyarihan at luwalhati sa lupa. Nauunawaan natin kung bakit pagkatapos ng napakaraming tagapagligtas ay dumating sa kanila ang kaisa-isahang Tagapagligtas sa panahong dinaranas nila ang pinakahuling krisis sa paniniil ng mga Romano.

Kayat ang mensahe ni Jesus ay isang pagtawag sa kanila na lampasan ang lahat ng kakitiran ng kanilang nasyonalismo at pagiging panatiko para matagpuan ang *tunay na kaalaman at ang Kaharian ng Diyos*. Ang kasaysayan ng Israel ang kailangang mauwi sa isang pangkalahatang bayan ng Diyos, na mayaman sa presensya ng Ama at sa pagsasabuhay ng kawalang-karahasan, at may kakayahang pagtagumpayan ang mga pagkakawatak-watak at mga pang-aapi. At alam natin na bumagsak sa loob lamang ng ilang taon ang bansang Judio dahil hindi nila tinanggap ang mensahe ni Jesus.

Pero meron din namang naniwala kay Jesus. Ang pagkabigong mag-ebanghelyo sa mga Judio sa Palestina ang isa pang dahilan para ipahayag ang Ebanghelyo sa iba pang mga bayan.

At sa loob lamang ng ilang taon, nagsimulang kumalat ang Iglesia sa buong mundo nang panahong iyon, ibig sabih’y sa mga bansa ng Imperyong Greko-Romano. Sa mga unang taon ay ipinapalagay ng lahat ng Kristiyano na makaaabot sa dulo ng daigdig ang mensahe sa loob ng maikling panahon at maluwalhati nang babalik si Jesus para maghukom. Ngunit naglaho ang ilusyong ito sa mga taong 70; malamang na mas tatagal pa ang kasaysayan kaysa nakinikinita nila at nagsimula na sa isang mahabang paglalakbay ang Iglesia.

Kaya noon nagsimula ang mga pamayanang Kristiyano na tipunin ang mga sinulat na naglalaman ng pangangaral ng mga apostol. Binigyang-panahon din nila ang pag-alaala sa mahahalagang karanasan ng mga unang Kristiyano. Ang Iglesia ang nag-apruba sa mga librong nagpapahayag ng kanyang pananampalataya, kung paano niya ito tinanggap mula sa mga apostol. At tinanggihan naman niya ang iba na tila hindi naghahatid ng pinakamahalaga at *pambalanang* mensahe ng pananampalataya, kahit na napakaganda ng mga ito.

Hindi pinapalitan ng Bagong Tipan ang Matandang Tipan. Hindi pinawawalang-saysay ng pangangaral ni Jesus ang mga babala ng mga propeta. Hindi pinapalitan ng pag-ibig ang katarungan. Hindi pinalitan ng “kaligtasan ng mga kaluluwa” ang ipinangakong panlahatang pagliligtas sa bayang Judio, kundi inilalahad ang Ebanghelyo bilang mapagpalayang katotohanan na muling nagbibigay-direksyon sa kasaysayan at nagbubunsod sa lahat ng sibilisasyon tungo sa isang layunin – ang pagkakasundo at pagkakabuklod kay Kristo ng lahat ng lakas at kapangyarihan sa mundo.

Iisa lamang ang Biblia na may dalawang Tipan, at iisa rin lamang ang Kaligtasan – espirituwal at materyal – ng mga tao, ng sangkatauhan at ng sanlibutan.

PAANO SINULAT ANG MGA EBANGHELYO?

Ang Apat na Ebanghelyo

Gaano man kalayo ang balikan natin sa kasaysayan ng Iglesya, isang katotohanang hindi mapag-aalinlanganan na apat ang sinasabing Ebanghelyo, na ipinapalagay na sinulat nina Mateo, Marcos, Lucas at Juan. Atin ang mga Ebanghelyong ito. Lahat ng mga Bagong Tipan sa kasalukuyan, lalo na ang mga Ebanghelyo, maging sa Ingles man o Tagalog o Cebuano o sa ano pa mang wika, ay mga salin lamang ng unang tekstong isinulat sa Griyego. Nagpasalin-salin ang tekstong ito sa pamamagitan ng matatandang siping sulat-kamay (manuskrito) na ilang beses na kinopya sa loob ng mga dantaon hanggang maging permanente ang mga tekstong ito sa pagkaimbento sa imprenta.

Hindi maiiwasan ng mga tagakopya ng manuskrito ang ilang pagkakamali. Sa pagkukumpara sa iba't ibang manuskritong pinaggrupo ayon sa kanilang mga pagkakaiba at pinagmulan, mapipiho ng mga manunuri ang mga orihinal na tekstong kinilala ng Iglesya Katolika bilang ekspresyon ng pananampalataya ng mga apostol – at bilang salita ng Diyos – pero sino ang sumulat ng mga unang ebanghelyong ito at saan nila nakuha ang mga ito?

Ang Tradisyon ng Mga Apostol

Alam natin na bata pa nang mamatay si Jesus, at namatay siyang walang anumang nasusulat. Ngunit mas maraming panahon ang iniukol ni Jesus sa paghuhubog sa *labindalawang* apostol na kanyang pinili. Nabuhay silang kasama niya, gaya ng ginagawa ng mga alagad ng mga gurong Judio. Ipinamemorya ni Jesus sa kanila ang kanyang aral. At sa halip na magsalita nang magsalita, maraming beses na inuulit-ulit lamang ni Jesus ang mahahalagang katotohanan. Ikinintal ng mga apostol sa kanilang isipan ang isang serye ng mga aral ng

Guro, pati na ang mga pangyayaring kanilang nasaksihan. At hindi natin mapag-aalinlanganan na mula sa mga araw ng Pentekostes, inasikaso na nila na mabigyang-ano ang mga aral na ito ni Jesus na magiging katekesis ng Iglesya sa mga unang taon nito.

Tinatawag nating *tradisyon ng mga apostol* ang kalipunan ng mga gawa at aral ni Jesus na ipinangaral at ipinaliwanag ng mga apostol para ipakilala si Jesus at ang kanyang gawa. Si Jesus ang Mesiya ng mga Judio at Tagapagligtas ng buong sangkatauhan, ang Anak ng Diyos na galing sa Diyos at muling nabuhay. Tulad ng nasabi na natin sa ibang lugar, sa mga apostol galing ang lahat ng alam natin tungkol kay Jesus. Kaya si Jesus ayon sa pagkaintindi sa kanya ng mga apostol ang siya nating nakikilala sa Ebanghelyo, at nalalahad dito ang kanyang mga salita ayon sa pagkatalala nila. Gusto siyempre nating malaman ang mismong mga salita ni Jesus kung paano narinig noon ang mga ito. Ngunit itinuturing ng pananampalataya ng Iglesya na tanging ang mga apostol lamang ang tunay niyang mga saksi, at naintindihan nila siya ayon sa kagustuhan ng Diyos na siya ay maintindihan at paniwalaan. Salita ng Diyos hindi lamang ang mga sinabi ni Jesus at kanilang narinig; kundi pati ang mga sinabi sa atin ng mga apostol tungkol kay Jesus.

Mula sa Arameo ni Jesus hanggang sa Griyego ng Ebanghelyo

Arameo ang salita ni Jesus at ng kanyang mga kapanahon. Ito ang wikang naging kapalit ng Hebreo bilang pangunahing lengguwahang ginagamit sa Palestina mula sa pagbabalik buhat sa Pagkaton. Subalit patuloy pa rin namang itinuturo at ginagamit ang *Hebreo*. Maraming Judio ang nakaka-intindi nito at kadalasa'y sa wikang ito nasusulat ang mga babasahing panrelihiyon.

Linawin natin na dalawang wika ang Hebreo at Arameo na may malaking pagkakapareho, at kabilang sa iisang pamilya ng mga lengguwaheng Semitiko.

Griyego ang wikang ginagamit sa lahat ng bayan ng Imperyong Romano para sa negosyo at sa buhay-siyudad. Tulad ng Ingles sa ating panahon, ito ang daan ng komunikasyon para sa mga bayang napakalaki ng mga pagkakaiba ngunit pinag-isa sa ilalim ng kapangyarihan at batas ng mga Romano. Hanggang sa Palestina, marami-rami ring Judio ang nakakain-tindi nito. Ang *Latin* naman ang wika ng mga Romano, at sa gobyerno lamang ito ginagamit. Griyego ang salita ng napakaraming Judio sa lahat ng malalaking siyudad ng Imperyong Romano at ng mga Kristiyanong dadami rin sa naturang mga lugar, at ang salin sa Griyego ng Biblia ang kanila nang ginagamit. Ito ang tinatawag na Bersyon ng LXX (Pitumpu) o Septuaginta.

Ang Mga Ebanghelyong Sinoptiko

Isang bagay ang madaling lumilitaw sa unang basa: nagkakapareho sa maraming bahagi ang mga unang tatlong ebanghelyo nina Mateo, Marcos at Lucas. Parehong mga pangyayari ang kanilang isinasalaysay, at kadalasa'y pareho rin ng pagkakasunod-sunod. Ito ang dahilan kaya natin tinatawag na *Mga Ebanghelyong Sinoptiko* ang mga ito, na nangangahulugang mailalagay natin sa tatlong hilera ang mga ito para ikumpara ang tatlong paraan ng pagsasalaysay sa parehong pangyayari sa paggamit ng halos magkakatulad na mga salita. Napakaraming pagkakahawig ngunit napakarami rin namang pagkakaiba, kayat magpahanggang ngayoy hindi pa rin maipaliwanag ang mga ito.

Madali namang makita na iniakma nina Mateo, Marcos at Lucas ang kani-kanilang teksto sa mga pangunahing pangangailangan ng katekesis. Layunin nilang makapagbigay ng sapat na kaalaman tungkol kay Jesus para suportahan ang bukambibig na aral na isinalin ng mga apostol, mga propeta at mga guro sa Iglesya, at para patatagin ang pananam-

palataya ng mga babago pa lamang nagsisimula. Gusto naman ni Juan na ihatid tayo sa mas malalim na pagkakilala kay Jesus at isa-isahin ang mga sandigan at mga uri ng tunay na karanasang-Kristiyano.

Kaya simulan nating talakayin ang mga Ebanghelyong Sinoptiko.

Ang simula, mga awtor at mga petsa ng mga Ebanghelyong Sinoptiko

Ilang bagay-bagay lang ang maibibigay natin tungkol sa mga tanong na ito. At kailangan nating isaalang-alang na lubhang binago ng mga modernong pag-aaral ang mga pinaniniwalaang dating sigurado nitong ilang taong nagdaan.

a) *Salin sa Griyego ang mga Ebanghelyong sinoptiko mula sa mas matatandang tekstong malamang na isinulat sa Hebreo.*

Araw-araw ay dumarami ang mga argumento para isiping una ngang isinulat ang mga ebanghelyo nina Mateo at Marcos sa isang wikang Semitiko na maaaring Arameo. Ngunit mas malamang na sa Hebreo unang isinulat ang mga ito.

Sinulat sa mga pamayanang Kristiyano ng Palestina ang mga orihinal na Hebreo ng mga Ebanghelyo para magamit nila sa mga unang taon ng Iglesya. At saka lamang isinalin ang mga ito sa Griyego taglay ang malaking pag-iingat na huwag sumala sa tunay na kahulugan kayat pinanatili ng tagasalin ang mga ekspresyong Hebreo. At narito ang panganib na maaaring maging napakabigat ang kanyang estilo at napakahirap para maintindihan ng isang Griyegong mambabasa.

Isinalin din ni Lucas ang mga orihinal na Hebreo, na ang pinakaimportante ang naging pundasyon ng Ebanghelyo ni Mateo. Ngunit hindi nakuentento si Lucas na isalin lamang ang mga orihinal na teksto, kundi malaya rin niyang inayos ang mga iyon.

b) *Ang patotoo ng mga unang manunula na Kristiyano*

Sa taong 110, isinulat ni *Papias* ng Hieropolis (na malapit sa Efeso): "Eksakto ang

pagkakasulat ni Marcos na interpreter ni Pedro sa lahat ng inalaala niya sa mga sinabi at ginawa ng Panginoon, pero hindi maayos. Sinamahan niya si Pedro na nagturo ayon sa hinihingi ng pagkakataon, hindi bilang isang komposisyon, at hindi siya nagkamali sa pagsisingit ng ilang mga bagay ayon sa pagkagunita niya sa mga iyon. Tinipon naman ni Mateo sa Hebreo ang mga sawikain ng Panginoon, at mula noo'y isinalin na ng bawat isa ang mga ito ayon sa kanya-kanyang kakayahan."

Sa taong 185, isinulat naman ng obispo at martir na *San Ireneo*: "Naglalathala ng isang ebanghelyo si Mateo para sa mga Hebreo, at sa kanilang wika, samantalang umalis naman sina Pedro at Pablo para mag-ebanghelyo sa Roma at itatag ang Iglesya. Pagkaalis nila, isinulat naman ni Marcos na alagad at interpreter ni Pedro ang pangangaral ni Pedro. Gumawa rin ng libro si Lucas na kasama ni Pablo mula sa ebanghelyong ipinangaral nito."

Marami pa tayong maidadagdag sa mataandang impormasyong ito na dati'y lubhang binabale-wala ng maraming modernong bibliista. Ngunit sa ngayo'y muling pinahalagahan ang mga impormasyong ito na malaki ang kinalaman sa kasaysayan.

k) Petsa ng pagkakasulat sa mga Ebanghelyong Sinoptiko

Tungkol naman sa mga petsa, marami sa mga bibliista nitong mga taong nagdaan sa ilalim kadalasan ng makasariling pagsasalang-alang ang nagsasabing sinulat daw ang Ebanghelyo ni Marcos sa taong 70. At sa mga taong 80-85 naman ang Mateo at Lucas. Subalit inaamin ng pinakakilala sa mga ekspertong ito na wala sila talagang matibay na pinanghahawakang katibayan para patunayan ang kanilang palagay. Lumilitaw nitong mga huling pag-aaral na napakahirap patotohanan ang mga petsang ito na napakahuli na. Lalo na sa nabuong kongklusyon ng mga Judiong eksperto sa Hebreong Unibersidad sa Jerusalem sa ginawa nilang paghahambing ng mga Ebanghelyo sa matatandang panitikang

Hebreo: imposibleng maisulat ang mga Ebanghelyo gaya ng pagkasulat sa mga iyon pagkatapos ng mga taong 50-55.

Maraming dahilan ang nagmumungkahing isinulat sa Hebreo sa mga taong 40-50 ang mga importanteng bahagi ng mga ebanghelyo nina Marcos at Mateo. Maaari namang isinulat ni Lucas sa Griyego ang kanyang ebanghelyo sa mga taong 50-60. At di nagtagal ay isinalin naman sa Griyego ang Mateo at Marcos sa mga taong 60-63.

Dalawang teksto sana ni Pablo na sa kasawiampalad ay hindi gaanong malinaw ang makapagpapatibay sa mga petsang ito: 2 Cor 8:18 at 2 Cor 3:14, ang Ebanghelyo siguro ni Lucas ang tinutukoy ng una.

Marcos, Mateo at Lucas: Ang Dalawang Bukal

Alam nating lahat na mas maikli ang Ebanghelyo ni Marcos kaysa kay Mateo o kay Lucas. Pero madali nating makikita na halos lahat ng pangyayaring isinasalaysay sa ebanghelyong ito ay nasa Mateo at Lucas din.

Pareho namang may ilang pangyayari at maraming salita ni Jesus na wala sa Marcos ang mga ebanghelyo ni Mateo at ni Lucas. Sa Lucas, matatagpuan natin ang karamihan sa mga ito sa kabanata 9:52 hanggang 18:14. Sunud-sunod ang paglalalahad sa mga ito, samantalang kalat-kalat naman ang gayon ding mga talata sa kabuuan ng Mateo. Kaya maraming dalubhasa ang nagsasabing may *Dalawang Bukal* (o *Pinagkunan*) ang tatlong Ebanghelyong Sinoptiko. Maaaring nakasulat na o tradisyong bukambibig ang una sa mga pinagmulang ito; humigit-kumulang ay naglalaman ito ng parehong mga pangyayaring matatagpuan natin sa Marcos. Ito rin siguro ang bukal na ginamit nina Mateo at Lucas. Malamang na tinipon naman ng ikalawang bukal, higit sa lahat, ang lahat ng salita ni Jesus. Ginamit nga ito kapwa nina Mateo at Lucas, kahit na maaaring mas marami itong nilalaman kaysa kanilang kinuha rito. Karaniwan nang tinatawag na *Bukal* (o *Pinagmulang*) *Q* o *Mga Sawikain ng Pangi-*

noon ang ikalawang bukal na ito, pero walang naingatang kopya nito.

Hindi mapag-aalinlanganang sumulat ng isang “Ebanghelyo” si Apostol Mateo, pero sa Hebreo at para sa *mga Hebreo*, o para sa mga Judio ng Palestina na sumampalataya kay Kristo. Pero hindi natin alam kung alin ang kanyang gawa: ang *Mga Sawikain ng Panginoon* o isang aklat na tumipon sa Mga Sawikaing iyon at sa unang bukal, na tinatawag na *Ebanghelyo ni Mateo*. Ito ang maaaring isinalin sa Griyego noong mga taong 60.

Ipinagitna naman ni Lucas ang Mga Sawikain ng Panginoon sa dalawang bahagi ng unang bukal. Pinag-iiba ng bukal na ito ang mga gawa ni Jesus sa Galilea (Mc 1-10) sa mga gawa ni Jesus sa Jerusalem bago sumapit ang kanyang Pasyon (11-16). Ipinagitna ni Lucas ang isang paglalakbay ni Jesus paderusalem (Lc 9:51-18:14) kung saan niya inilagay ang Mga Sawikaing iyon. Griyego si Lucas at nagsusulat siya para sa mga Griyego. Hindi niya kinopya ang mga talata ng Ebanghelyo na tungkol sa mga batas at kaugalian ng mga Judio na hindi naman gaanong maiintindihan ng kanyang mga tagabasa (Mc 7:8; 9-11) o kaya’y makasakit lamang

sa damdamin ng mga ito (Mc 8:31; 9:43; 11:11). Bilang isang mabuting Griyego, inalis niya ang lahat ng pag-uulit na napakahalaga naman para sa mga Judio, o ang mga kabana-tang malaki ang pagkakahawig sa ibang mga naisalaysay na (Mc 8:22; 14:3). Binigyan din ni Lucas ng sarili niyang introduksyon at konklusyon ang kanyang Ebanghelyo.

Ang Ebanghelyo ni Juan

Matutunghayan natin sa Ebanghelyo ni Juan ang mga bahagi ng isang matandang Ebanghelyo na kasinsimple ng Ebanghelyo ni Marcos, na may mas maraming gawa kaysa salita ni Jesus. Malamang na para sa mga pamayanang Kristiyano ng Samaria ito ginawa. Ngunit batayan lamang ni Juan para sa pagbubuo niya sa mahahabang diskurso ni Jesus na nagpapakitang binabagong-ano ng kanyang pagliligtas ang tao at binabago rin ang sangkinapal. Kaya nahahayag ang misteryo ng Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo, pati ang pakikipaghihi ng Diyos sa tao sa pamamagitan ng buhay-pamayanan at ng mga sakramento ng Iglesia. Pagkamatay lamang ni Juan saka lumabas ang Ebanghelyong ito, mga taong 95.

MAPANINIWALAAN BA NATIN ANG SINASABI NG EBANGHELYO

1. Huwag tanggapin nang literal ang lahat

Sapat na ang mga nabanggit natin sa una para maintindihan ang mga sumusunod:

- Hindi matatagpuan sa Ebanghelyo ang lahat ng gawa at salita ni Jesus.

- Sa paglalalahad sa mga salita ni Jesus, ipinahahayag ng bawat ebanghelista ang mga ito ayon sa sarili niyang pamamaraan, at iniaakma ang mga ito para mas maintindihan ng kanyang mga mambabasa.

- Hindi laging ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari ang mga gawa ni Jesus na isinasalaysay nila, at maaaring pinagsama-sama sa iisang talata lamang ang

mga bagay na sinabi ni Jesus sa iba’t ibang pagkakataon.

Kaya wala tayong matatagpuang “litrato” ni Jesus o “tape” ng kanyang mga salita sa Ebanghelyo. Ngunit hindi ito nangangahulugan na hindi na natin mapaniniwalaan ang patotoo ng mga ebanghelista.

2. Ang natatanging lugar ng Ebanghelyo sa literatura

Ekstraordinaryo at natatanging gawa ang Ebanghelyo sa literatura sa lahat ng panahon. Malaking pagkakaiba ang makikita natin kung ihahambing ito sa iba pang mga sinulat

sa panahon nito, maging Kristiyano man o hindi. Nasa Ebanghelyo ang pagiging simple at ang hangaring maging katamtaman lamang: samantalang nasa ibang mga teksto naman ang kahanga-hanga, buhul-buhol at hindi “nakaugat” dito sa daigdig. Isang modernong pilosopo na hindi naman sumasampalataya ang nagtaka kung bakit hindi marami ang mga milagro sa Ebanghelyo. Ang Ebanghelyo mismo ang gumagarantiya sa pagiging tunay nito. Sa pagsasaalang-alang sa mga bagay-bagay na binanggit natin sa naunang talata, walang matagpuang kabulaanan sa Ebanghelyo ang makabagong pagsusuri. Gayong higit na sa sandaang taon itong masusing sinusuri at sumailalim sa di mabilang sa mga pagsubok, na kailanma’y di pa ginagawa sa alinmang libro.

3. *Ang mga nagdududa*

Ngunit marami ang nagdududa sa patotoo ng mga Ebanghelyo. Kung minsa’y dahil iniisip nilang may nakikita silang mga kontradiksyon sa mga ito. Kadalasa’y dahil parang imposible sa kanilang tanggapan ang mga milagro. At kahit na sa mga sumasampalataya na nag-aaral ng Ebanghelyo, may ilan pa ring hindi lubos na naniniwala sa kahalagahang pangkasaysayan ng mga kabanata sa Ebanghelyo tungkol sa mga pagkilos ng Diyos para kay Jesus.

Dahil siguro ito sa kalimita’y sa mga nakaririwasang kalagayan at bansa galing ang mga dalubhasang iyon. Nahubog sila sa isang “siyentipikong” kultura na kakayahan lamang ng tao ang inaasahan para lutasin ang lahat ng problema. Sa ganito’y kakaunti ang inaasahan sa Diyos at hindi rin naman pinararami ng Diyos ang kanyang mga milagro.

Kaya ganito ang kanilang ikinakatwiran: “Kung hindi ako nakakita ngayon ng mga bagay na kapareho ng nangyari sa Ebanghelyo, paano ako maniniwala na nangyari nga ang mga iyon?” Magiging iba sana ang lahat kung bahagi sila sa isang dukhang Iglesya at kung makapagpapatotoo sila sa patuloy na pagkilos ng Diyos para sa kapakanan ng mga taong sa kanya lamang umaasa.

INTRODUKSYON SA BAGONG TIPAN

Sa katunaya’y imposibleng pag-aralan ang Ebanghelyo nang “walang kinikilingan”, gaya ng maaari nating gawin sa alinmang ordinaryong libro. Kung nakikibahagi tayo sa iisang pananampalataya ng mga apostol, wala tayong problema sa pagtanggap sa banal na libro habang nananatili tayong mulat sa mga tanong tungkol sa pagsusuri rito. Ngunit kung hindi naman natin tinutupad ang mga kundisyong maghahatid sa atin para “makita ang Diyos”, hindi tayo mapalagay hanggang hindi tayo nakakakita ng kung anong dahilan para “maliitin” ang patotoo ng Ebanghelyo. Ito ang dahilan kung bakit marami ang naghahanap ng kung anu-anong mga dahilan para pabulaanan ang nilalaman ng Ebanghelyo sa kabila ng kanilang paghanga sa Ebanghelyo at pagtanggap ituring ito bilang kasinungalingan.

4. *Ilang pagtutol*

Kaya tatlong argumento ang lubos nilang pinanghahawakan:

- Sinasabi nila na hindi dalubhasa sa kasaysayan ang sumulat ng mga Ebanghelyo, kundi pinagsama-samang patotoo lamang ng iba’t ibang saksi ang mga ito: popular na panitikan ang mga ito, o mga kuwentong-bayan, na matutunghayan natin ang lahat, liban sa katiyakang pangkasaysayan.

- Sinasabi rin nila na sa simula’y isinulat ang mga Ebanghelyo para sa katekesis at pagtuturo sa sambayanang Kristiyano: ang mga bagay na isinasalaysay rito ay para suportahan ang aral na itinuturo. Kaya hindi mahalaga kung lumakad nga bang talaga si Jesus sa ibabaw ng tubig: isinulat ang pangyayari para lamang ipakitang may makadiyos na kapangyarihan si Jesus.

- Sinasabi nila na maraming taon na ang lupipas pagkamatay ni Jesus nang sulatin ang mga Ebanghelyo, nang kung anu-ano nang kuwento ng kabanalan at kadakilaan ang ginawa ng sambayanan tungkol sa kanya at nang iakma na ng Iglesya ang mensahe nito para sa mga pangangailangan ng mga kabilang dito. Kaya hindi ang tunay na Jesus ang inilalahad ng mga ito sa atin kundi pana-

nampalataya ng Iglesia sa unang dantaon. (Alalahanin natin ang sinabi na natin tungkol sa petsa ng pagkakasulat sa mga Ebanghelyo.)

Ngunit paano naman ang mga apostol? Sila ang mga saksi ni Jesus, at tungkulin nilang manatili bilang mga opisyal na saksi niya sa loob ng Iglesia. Alam nila ang tunay na nangyari, kayat magsasawalang-imik na lamang ba sila habang binabaluktot ng ilang mga tao ang kasaysayan ni Jesus? Ang garantiya ng Ebanghelyo ay nasa mismong istruktura ng Iglesia Katolika na kailanma’y hindi naging grupo ng mga likas na sumasampalataya na nadadala ng sigasig o pagkakataon. Mula pa sa simula, isa nang organisadong grupo ang Iglesia, na may iginagalang at kinikilalang herarkiya na siyang may huling salita sa mga problema sa pananampalataya at mga tradisyon.

Ang apat na ebanghelyo ay hindi mga popular na kuwentong hango sa mga alamat, mga sabi-sabi at mga “binaluktot” na salita, mga milagrang imbento ang ilang bahagi para bigyang-katwiran ang sinasabi tungkol kay Jesus. Galing sa *tradisyon ng mga apostol* ang mga Ebanghelyo, at iningatan ng Iglesia ang mga iyon dahil nakilala niya sa mga iyon ang tradisyong ito. Nang mga taong iyon at nang sumunod na dantaon, may iba pang mga “ebanghelyong” isinulat: “ang Ebanghelyo ni Pedro”, “ang Ebanghelyo ni Tomas”, “ang

Ebanghelyo ni Nicodemo”, “ang Proto-ebanghelyo ni Jaime”. Ngunit hindi kinilala ng Iglesia ang mga iyon dahil sa mga kababaghang nilalaman ng mga iyon, o dahil sa mga oryentasyong panteolohiya na hindi naayon sa aral na tinanggap sa mga apostol.

Hindi nangangahulugang “dinoktor” na ang kasaysayan “para mas makumbinsi ang mga tagapakinig” nang sulatin ang mga Ebanghelyo para sa katekesis. Para bang hindi sapat ang mga tunay na pangyayari upang kausapin ang mga nakauunawa! At paano naman ang mga apostol ni Jesus na hinubog niya mismo? Alangan namang wala sa kanila ang payak na karangalang igalang ang katotohanan?

Malaking pagpapahalaga na ang naibigay sa mga pampanitikang balangkas na ginagamit para isalaysay ang mga pangyayari. At dahil maraming milagro ang isinasalaysay ayon sa gayon ding balangkas, sinasabi tuloy ng ilang dalubhasa na lahat ay kathang-isip lamang. Hindi ba mas simpleng isipin na isinasalaysay ang mga pangyayari at mga milagro ayon sa mga balangkas na magpapadali sa pagtuturo at pagsasaulo sa mga ito? Isinalaysay ng mga ebanghelyo ang mga pangyayaring batayan at sandigan ng kanilang pananampalataya; kung hindi naganap ang mga pangyayaring ito, hindi rin sila sasampalataya.